Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-24 NG PEBRERO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Forca ............ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 050-T'99

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA PARA SA TAONG ITO SA KAPAKANANG PANGKAUNLARAN AT PANGKAGALINGAN NG BAYANG ITO.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ng Nanunuparang Pambayang Pinuno sa Pagpapiano at Pagpapaunlad na pagtibayin ang Annual Investment Plan ng pamahalaang bayan para sa taong ito;

SAPAGKA'T, ang mga naturang plano/ programa ay inihanay sa mga pangunahing pangangailanyan ng bawat tanggapan upang mapagsilbihan nang maayos ang mga mamamayan gayundin ay maisakatuparan ng pamahalaang bayan ang mga proyekto o pagawaing makatutulong sa pagkilos at paggalaw sa lipunan at magamit sa kapakanang pagiiilingkuran at pagpapaunlad ng bayang ito;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, Florencio C. Odejar, Edgardo T. Forca at Eugenio A. Javier, Jr. at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y keharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Annual Investment Plan (AIP) ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna para sa taong ito; sa kapakanang pangkaunlaran at pangkagalingan ng bayang ito.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan at lahat ng pinuno ng bawat tanggapan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECEIVED
BY:
DATE: 3-10
CRUZ